JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

3

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 5:
## Pagbubuo ng mga Tanong Matapos Mapakinggan ang Isang Teksto



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagbubuo ng mga tanong matapos mapakinggan ang isang teksto**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Rosemarie Kyamko | |
| **Editor/ Tagasuri:** | Arnie P. Taclap/Riela Angela C. Josol | |
| **Tagalapat:** | John Febb G. Vidal | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent | |
| | Lourma I. Poculan | - Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | - Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | - Chief, Education Supervisor SGOD |
| | Riela Angela C. Josol | - Education Program Supervisor- Filipino |
| | Bernie P. Laranjo | - Public Schools District Supervisor |
| | Ronillo S. Yarag | - Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | - Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

## *Alamin*

Magandang Araw sa iyo!

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

**Nakakabuo ng mga tanong matapos mapakinggan ang isang teksto. (F3PN-IIj-13)**

| Aralin 1 | Nakabubuo ng Tanong Matapos Mapakinggan ang Isang Teksto |
|---|---|

## *Tuklasin*

Basahin ang teksto.

May tatlong magkakaibigan na sina Erwin, Ben at Raphy. Sila ay laging magkasama. Isang araw, sila ay pumunta sa opisina ng punongguro ng walang paalam at sinira nila ang mga papeles ng punongguro.

https://www.youtube.com/watch?v=fj2tSdhWT-A&app=desktop


Tanong:

1. Sino-sino ang tatlong magkakaibigan?
2. Saan sila nagpunta?
3. Ano ang kanilang ginawa?
4. Sa inyong palagay, ano kaya ang magiging reaksyon ng punongguro sa kanilang nagawa?
5. Makatarungan ba ang kanilang ginawa? Bakit?



## *Suriin*

Maraming dahilan kung bakit tayo nagtatanong. Marahil ikaw ay mausisa sa isang pangyayari o sa isang sitwasyon. Kagaya din ng pagbabasa ng isang kwento, ang pagtatanong ay makakatulong sa pag diskubre ng mahahalagang impormasyon o pangyayari sa kwentong nabasa. Mainam na huminto upang maikonsidera ang nabasa at mas lalong maintindihan ang kwento





May dalawang uri ng pagtatanong :Tanong na **makatotohanan (factual)** at tanong na **humihingi ng palagay (inferential)**. Ang tanong na makatotohan ay may sagot na mahahanap lamang sa nabasang kwento at masasagot sa maikling pangungusap. Ang tanong na humihingi ng palagay ay mga tanong na kailangan pag-isipang ng mabuti dahil hindi makikita sa kwento o teksto ang sagot nito.Ang mga sagot sa tanong na humihingi ng palagay ay bukas sa pangangatwriran o debate.

**Halimbawa ng Tanong na Makatotohanan:**

| | |
|---|---|
| **Saan** pumunta si nanay? | (sa palengke) |
| **Ano** ang binigay ni Karrie sayo? | (aklat) |
| **Kailan** ang kaarawan mo? | (hulyo 10) |
| **Sino** ang may-ari ng aklat? | (Si Jullie) |

**Halimbawa ng Tanong na Naghihingi ng Palagay:**

| | |
|---|---|
| **Bakit** umalis si nanay? | (umalis sya upang bumili ng mga arikados para sa sinigang) |
| **Paano** mo nasabing uulan ngayon? | (napansin kung makulimlim na ang langit at sobrang init kanina) |

Mapapansin na napakaiklli lamang ang mga sagot sa tanong na makatotohanan at mahaba ang sagot sa tanong na naghihingi ng palagay.



# Pagyamanin

***Gawain A:***

Basahin ang kwento nang may pag-unawa. Gumawa ng tatlong tanong na makatotohanan at tatlong tanong na naghihingi ng palagay.

Si Vince at Johwell ay maliligo ngayon sa dagat. Suot nila ang kanilang swimsuit at dala nila ang kanilang tuwalya. Pagdating nila sa dagat, “Halika na! Talon na tayo!” ani ni Vince. “Teka, maglagay muna tayo ng sunscreen” sagot naman ni Johwell. Kinuha niya ang bote ng sunscreen at dahan-dahang nilagay ito sa kanyang katawan. Subalit si Vince ay agad na lumangoy sa dagat.

Ang dalawa ay maghapong naligo sa dagat. Sa wakas, sila ay tinawag na kanilang butihing ama. Nang isinuot na ni Vince ang kanyang damit, bigla siyang napatili “Aray!, Sana nakinig nalang ako sa iyo kanina” sabi ni Vince habang pauwi na sila.

| **Tanong na Makatotohanan** | **Tanong na Naghihingi ng Palagay** |
|---|---|
| | |
| | |
| | |



# Isaisip

Ang tanong na makatotohanan ay

____________________________________________________________

________________________________.

Ang tanong na humingi ng palagay ay

____________________________________________________________

__________________________________

# *Tayahin*

Basahin ang teksto nang may pag-unawa.

Kasama pa ng tricycle driver ang kanyang pasahero nang isinauli niya sa himpilan ng Kalibo Police ang isang money bag na naglalaman ng mga baryang nagkakahalaga ng P2,000. Kinilala ng Kalibo Police ang driver na si Geraldo Asilo, kasama ang pasahero nitong si Dionelo Dela Cruz.

Ayon kay Dela Cruz, nakita niya ang money bag sa upuan ng tricycle ni Asilo kaya tinanong niya ito kung kanino ang nasabing bag. Kaagad namang nagtungo ang dalawa sa himpilan ng Kalibo Police upang isauli ang mga barya. Makalipas ang ilang minuto ay nagtungo sa himpilan ang may-ari ng money bag, si Erasto Fabito, officer-in-charge ng fast food chain restaurant sa Kalibo, na magpapa-blotter sana tungkol sa bag ng mga barya na naiwan niya sa tricycle ni Asilo.

Labis naman ang pasasalamat ni Fabito kina Asilo at Dela Cruz na naibalik sa kanya ang money bag.

http://balita.net.ph/2016/12/25/p2k-sa-money-bag-isinauli-ng-trike-driver

# *Karagdagang Gawain*

A. Bumuo ng limang tanong na makatotohanan at limang tanong na naghihingi ng palagay.

| **Tanong na Makatotohanan** | **Tanong na Naghihingi ng Palagay** |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

B. Lagyan ng tsek ✓ ang patlang kung ito ay isang tanong na makatotohanan at masayang mukha ☹ naman kung ito ay tanong na naghihingi ng palagay.

_____1. Ano ang buong pangalan ng ating pangulo?
_____2. Bakit nagdadasal ang tao?
_____3. Saan kayo nag-aaral?
_____4. Paano ginawa ang simbahan?
_____5. Ilan kayong magkakapatid?

# Susi sa Pagwawasto

***Pagyamanin*** A at B – Maaaring magkaiba ang sagot ng mga bata.

***Karagdagang Gawain***

A. Iba-iba ang mabubuong pangungusap ng mga bata.

B.

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

# Sanggunian


http://balita.net.ph/2016/12/25/p2k-sa-money-bag-isinauli-ng-trike-driver/

https://www.youtube.com/watch?v=fj2tSdhWT-A&app=desktop